



MGA KARAPATAN NG MGA BATA SA FOSTER NA PANGANGALAGA

Bilang bata i kabataan sa sistema ng Foster na Pangangalaga ng Mga Serbisyo sa Kapakanan ng Bata ng Hawaii, may mga sumusunod kang karapatan:*

Sa Bahay:

- Malaya sa pisikal, sikolohikal, seksuwal at ibang pang-aabuso
- Pagkain at silungan at damit

Mga Serbisyonang Kalusugan at Medikal:

- Makatanggap ng medikal na pangangalaga, dental na serbisyo, pangangalagang pantama sa paningin, mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Ma-enroll sa plano ng pangkalusugang insurance at bigyan ng pagtatasa sa kalusugan, nirerekomandang paggamot sa loob ng 45 araw mula sa paglalagay

Kontak sa Pamilya Mo:

- Magkaroon ng regular, napamahalaan o hindi napamahalaan, personal, sa telepono o ibang paraan ng kontak sa inyong mga magulang at kapatid maliban kung ito ay pinagbabawal ng korte o natukoy na hindi ligtas ng inyong social worker, therapist, GAL o CASA
- Ang hindi pagpapahintulot sa mga pagbisita sa inyong pamilya ay hindi maaaring gamitin bilang paraan ng pagpaparusa

Kaugnayan sa Inyong Mga Pagdinig sa Kaso/Korte:

- Kung 14 o mas matanda, maugnay sa pag-develop ng plano ng kaso niyo at pagpapalano para sa inyong kinabukasan
- Magkaroon ng personal na kontak sa inyong social worker
- Magkaroon ng regular, personal na kontak sa inyong GAL, CASA at probation officer
- Makatanggap ng abiso ng mga pagdinig niyo sa korte, dumalo at kumuha ng transportasyon sa mga pagdinig
- Makipagkita at makipag-usap sa inyong huwes
- Humingi ng abogado, kung ang mga opinyon niy at mga hiling ay iba sa inyong GAL

Edukasyon:

- Dumalo sa paaralan at manatili sa inyong orihinal na paaralan maliban kung wala ito sa pinakamabuti niyong interes
- Mabigyan ng transportasyon sa orihinal niyong paaralan
- Kung magpapalit ng paaralan, agad mag-enroll sa bagong paaralan
- Matanggap ang mga pang-edukasyon niyong talaan

Mga Pangrelihiyon/Extracurricular na Aktibidad:

- Isagawa ang inyong mga pangrelihiyong paniniwala, tumangging dumalo sa mga pangrelihiyong aktibidad/serbisyo
- Lumahok sa extracurricular, pangkultura at panlipunang aktibidad

Mga Serbisyo sa Independent na Pamumuhay at Mga Dokumento:

- Isang personal na bank account kapag humiling ka ng isa at tulong sa pamamahala ng pera mo maliban kung may mga pangkaligtasang usapin
- Simula sa edad na 12, makatanggap ng pagsasanay sa kakayahan sa buhay, isang plano sa transisyon na tumutugon sa muling pagsasama/pagiing permanente at impormasyon tungkol sa independent na pamumuhay, mga organisasyon ng foster na kabataan/mga dulugan sa transisyonal na pagpapalano
- Kung ikaw ay 14 o mas matanda, makatanggap ng libreng kopya ng inyong ulat sa kredito bawat taon habang nasa foster na pangangalaga, tulong sa pag-unawa nito at ayusin ang anumang mga problema nito
- Kung ikaw ay 17 o mas matanda, makatanggap ng mga personal na dokumento kasama ang sertipikadong kopya ng inyong US birth certificate, Social Security card, kopya ng mga medikal na talaan, impormasyon sa pangkalusugang insurance, mga dokumento sa imigrasyon, at ID ng estado o driver's license

May karapatan ka ring matrato nang patas at katumbas at makatanggap ng pangangalaga at mga serbisyo na tumutugon sa kultura at malaya sa diskriminasyon batay sa lahi, etnisidad, kulay, pambansang pinagmulan, pagkaninuno, katayuan sa imigrasyon, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, ekspresyong kasarian, seksuwal na oryentasyon, relihiyon, kapansanang pisikal at pangkaisipan, pagbubuntis o katayuan sa pagiging magulang, o ang katotohanan na ikaw ay nasa foster na pag-aalaga.

(Mangyaring isangguni ang anumang alalahanin sa inyong social worker, GAL/CASA, huwes.)

*SEKSIYON 1. Chapter 587A-, Hawaii Revised Statutes, inamyente sa pagdagdag ng bagong seksiyon sa bahagi I para angkop na madesigna at mabasa ayon sa sumusunod:

"§587A- Mga karapatan ng mga bata sa foster na pangangalaga. (a) Ang departamento o awtorisadong ahensiya ay sisiguro, kailanman posible, na ang bata sa foster na pangangalaga ay:

- (1) Titira sa bahay, malaya sa pisikal, sikolohikal, seksuwal at ibang pang-aabuso;
- (2) Makakatanggap ng pagkain, masisilungan, at damit;
- (3) Makatanggap ng medikal na pangangalaga, dental na serbisyo, pangangalagang pantama sa paningin, at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip;
- (4) Ma-enroll sa plano sa pangkalusugang insurance at, sa loob ng apatnapung limang araw ng wala sa bahay na paglalagay, mabigyan ng pagtatasa ng kalusugan at nirekomendang paggamot;

(5) Magkaroon ng regular, pinamahalaan o hindi pinamahalaang, personal, sa telepono, o ibang klase ng kontak sa mga magulang at kapatid ng bata habang ang bata ay nasa foster na pag-aalaga, maliban kung ang kontak ay alinman sa pinagbabawal ng utos ng korte o naituring na hindi ligtas ng child welfare services worker ng bata, therapist, guardian ad litem, o tinalaga ng korte na special advocate. Ang hindi pagpayag sa pagbisita ay hindi gagamitin bilang parusa. Kung tinanggihan ng departamento o awtorisadong ahensiya ang pinamahalaan o hindi pinamamahalaang pagbisita sa mga magulang o kapatid ng bata:

(A) Kung ang lahat ng partido, kasama ang bata, ay pumayag sa pagtanggig ng mga pagbisita, ang departamento o awtorisadong ahensiya ay magsusumite ng nakasulat na ulat sa korte sa loob ng limang araw ng pagtatrabaho para idokumento ang mga dahilan kung bakit ang mga pagbisita ay tinatanggihan; o

(B) Kung ang anumang partido, kasama ang bata, ay tumanggi sa pagtanggig ng mga pagbisita, ang departamento o awtorisadong ahensiya ay magsasampa ng mosyon sa agarang pagrepaso sa loob ng limang araw ng pagtatrabaho na kasama ang mga partikular na dahilan kung bakit ang mga pagbisita ay tinatanggihan;

(6) Makatanggap ng abiso ng mga pagdinig sa korte, at kung nais ng bata na dumalo sa mga pagdinig, ang departamento o awtorisadong ahensiya ay sisiguro na ang bata ay madadala sa mga pagdining ng korte;

(7) Magkaroon ng personal na kontak sa nakatalagang child welfare services worker ng bata;

(8) Magkaroon ng kakayahang magawa ang sariling pangrelihiyong paniniwala ng bata, kasama ang pagtanggig dumalo sa anumang mga pangrelihiyong aktibidad at serbisyo;

(9) Magkaroon ng personal na bank account kapag hiniling at tulong sa pamamahala ng personal na kita ng bata na alinsunod sa edad at pag-develop ng bata, maliban kung iba ang kailangan dahil sa kaligtasan o ibang alalahanin;

(10) Makalahok sa extracurricular, pagpapayamang, pangkultura, at panlipunang aktibidad; sa kundisyon na kung ang pinahintulutan ng institusyon sa pag-aalaga ng bata o resource caregiver ang partisipasyon, ang awtorisasyon ay ayon sa makatwiran at tamang pamantayan ng magulang, ayon sa kahulugan sa titulo 42 United States Code seksiyon 675(10)(A);

(11) Simula sa edad na labingdalawa, malaanan ng angkop sa edad na pagsasanay sa mga kakayahan sa buhay at plano sa transisyon para sa angkop na pag-alis sa sistema ng foster na pag-aalaga, na kasama ang muling pagsasama o ibang pagiging permanente, nakasulat na impormasyon tungkol sa mga independent na programa sa pamumuhay, mga organisasyon ng foster na kabataan, at mga serbisyo sa transisyonal pagpapalano na magagamit ng lahat na mga bata sa foster na pag-aalaga na labingdalawang taon ng edad o mas matanda at kanilang mga dulugang pamilya;

(12) Kung ang bata ay labing-apat na taong gulang o mas matanda, may karapatang maugnay sa pag-develop ng plano ng kaso at pagpapalano para sa kinabukasan ng bata;

(13) Kung ang bata ay labing-apat na taon ng edad o mas matanda, matanggap ang ulat sa kredito ng bata, libre, taunan sa panahon ng bata sa foster na pangangalaga at makatanggap ng tulong sa pagbibigay-kahulugan sa ulat at malutas ang mga kawalan ng katumpakan, kasama ang, kung posible, ang tulong mula sa guardian ad litem ng bata; at

(14) Kung ang bata ay labing-pitong taong gulang, makatanggap bago lumagpas sa edad ng pangangalaga ang ilang personal na talaan, tulad ng opisyal o pinatotohanang kopya ng United States birth certificate ng bata, isang Social Security card na bigay ng Commissioner of Social Security, impormasyon sa pangkalusugang insurance, kopya ng mga medikal na talaan ng bata o impormasyon para ma-access ang mga medikal na talaan ng bata nang libre, mga dokumento sa imigrasyon, at driver's license o panlipunang identification card na binigay ng Estado; sa kundisyon na ang departamento o awtorisadong ahensiya ay kukuha ng mga personal na talaan para sa bata.

(b) Bilang karagdagan sa mga karapatang naitaguyod sa subsection (a), ang bata sa foster na pangangalaga ay may mga sumusunod na karapatan:

(1) Matrato nang patas at katumbas at makatanggap ng pangangalaga at mga serbisyo na tumutugon sa kultura at malaya sa diskriminasyon batay sa lahi, etnisidad, kulay, pambansang pinagmulan, pagkaninuno, katayuan sa imigrasyon, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, ekspresyong kasarian, seksuwal na oryentasyon, relihiyon, kapansanang pisikal at pangkaisipan, pagbubuntis o katayuan sa pagiging magulang, o ang katotohanan na ang bata ay nasa foster na pag-aalaga;

(2) Makipagkita at makausap ang namumunong huwes sa kaso ng bata;

(3) Magkaroon ng regular na personal na kontak sa itinalaga ng korte ng bata na guardian ad litem, itinalaga ng korte na special advocate, at probation officer;

(4) Para humingi ng abogao, kung ang mga opinyon ng bata at kahilingan ay iba sa pinagtatanggol ng guardian ad litem alinsunod sa seksiyon 587A-16(c)(6);

(5) Para dumalo sa paaralan at manatili sa paaralang pinagmulan ng bata maliban kung nadetermina na wala sa pinakamabuting interes ng bata, at mabigyan ng sulit sa gastos na transportasyon na pananatiliin sa pinagmulang paaralan ng bata; sa kundisyon na kung nagpalit ng paaralan ang bata sa taon ng pag-aaral, ie-enroll agad ang bata sa bagong paaralan; at

(6) Makatanggap ng mga pang-edukasyon talaan sa parehong hangganan ng lahat ng ibang estudyante.

(c) Sua sponte o sa angkop na mosyon, maaaring magbigay ang korte ng pamilya ng anumang kailangang kautusan sa alinmang partido, kasama ang departamento, departameto ng edukasyon, departamento ng kalusugan, guardian ad litem, itinalaga ng korte na special advocate, o probation officer para masiguro na ang bata ay bibigyan ng mga karapatang inisa-isa sa subsections (a) at (b).

(d) Walang anuman sa seksiyong ito ang magtataguyod ng probadong dahilan sa pagkilos dahil sa paglabag sa anumang probisyon ng seksiyong ito."